# Limang Kuwento ng Bayan sa Huling Dekada

*Mark Angeles*
*University of Santo Tomas*
*akosimakoy@gmail.com*

## Aspi-Aspile

*(Tugon sa "Isang Paraan ng Pagpapaulan" ni Benilda Santos)*

Paumanhin, ulan
Ay di aspi-aspileng
Tubig sa balat-
Kalabaw
Naming bilad sa bukid,

Kundi bigas—

Butil-butil kung bumagsak
Sa bilao
Nang makilatis ang brilyante
Sa ipa at bato

At matipong muli
Sa palad ng sumakbot.

## Ang Lamok

Isang patay na umaga,
Nakibasa ako sa mga paninda.

Nagbabanta
Ang mga ulo ng balita:

*mga bukid, pinatag ng kapitalista*
*mga magsasaka, ginising ng bala*

Isang lamok ang lumapit,
Umali-aligid.

Bumulong sa aking tainga:
'Wag kang kikilos. Kakagatin kita.

At ako ay napahalakhak.
Napisat siya sa aking palakpak.

## Bakwit

Alasuwerte ang biyahe
Ngayong alas-siyete ng umaga.
Walang mala-sawang pilang
Halos umabot sa kabilang estasyon
Ang buntot. Wala ni isang bagon
Ang rumatsada sa Rizal Extension.
Kaya't mukhang mga nakaambang
Mandirigma ang lahat ng mananakay:
Bumulwak sa gitna ng mahabang kalsada.
Ganito rin noong isang buwan,
Noong wala ni isang dyip na masakyan.
Bumulwak din ang mga mananakay
Nang harangi't sitahin
Ang mga tsuper na tumanda na sa biyahe,
Nang maibenta na ang mga de-kuryente.

Ngayong alas-siyete ng umaga,
Bumulwak kami sa kalsada,
Kaming inabandona ng LRT.
Kapit-patalim kaming sumampa
Sa mga 6x6 ng militar
Na padala ng taong-pamahalaan
Para hakutin ang mga naistranded.
Ganito rin noong isang taon,
Ako, ang aking pamilya't mga kanayon
Sa malayong probinsiya,
Sinamsam kami ng 6x6
Nang mag-alsa-balutan
Dahil sa pananalasa
Ng sangyunit na paramilitar.

Alasuwerte ang biyahe
Ngayong alas-siyete.
Para kaming mga bakwit
Na tumatakas sa kamatayan.

## Palaruan

Idinuduyan ang hagikgik
Ng paslit na takót malaglag
Sa buhangin, mapilaya't
Mapagalitan pag-uwi.

Wag mag-alala.
Di bibigay ang mga katig
Na pinagtalian
Ng magkabilang lubid;

Gaya ng mga bisig
Ng iyong inang
Naghahagis at humihila
Ng lambat sa laot.

Doon naman sa bangkang
Napingas ang ngusong
Binangga
Ng banyagang maton,

Umakyat ang mga bata,
Nagsipaghanap ng puwesto,
Naglabas ng kani-kaniyang
Baong mga salita.

Doon mabubuhay
Sa umpukan tuwing hapon
Ang kuwentong
Di napalubog ng dragon.

## Triptych ng mga Kinupkop ng Karton

1

Hindi na bakante
Ang bangketa.

Sa ilalim ng talisay
Humimpil ang trabahador,
Nakayapak sa anino
Ng mga sanga at dahon.

Tila alagang aso
Ang dalang bag,
Nakasandal
Sa batong bakod
Ng pabrika, pinanonood
Ang seremonya
Ng pagpapagpag
Ng napulot na kartong
Hindi gaya ng kumot
Kung sumalimbay
At mas playwud
Sa hagibis ng pagbagsak,

Ngunit sapat nang papag
Para palipasin ang pagod,
Ang naghahabulang hikab,
Ang oras ng pag-uwi
Sa naiwang pamilya,
Bago muling maglakad
Nang milya-milya
Pabalik sa pinagkukunan
Ng ikabubuhay.

2

May aleng tila kandilang
Nalulusaw
Sa matinding buhos ng ulan.

Nakasalampak siya
Sa kartong
Unti-unting nagiging putik.

Tumataog na dagat
Ang kalsadang
Nakapalibot sa kaniya.

May pindong siyang plastik
Na parang payong
Na gutay-gutay.

Tinawag siyang tiyahin
Ng nagpaskil sa FB
At mga nagkomento;

Kinausap ang retratong
Walang luha
Sa aleng lunód sa awa.

May nagtalumpati
Tungkol sa pagkupkop
Sa lahat ng palaboy.

May naghanap sa nagtaboy
O nagpabayang
Kadugo ng ale.

May humatol pang
Paghimasin siya ng rehas
Sa pagkakalat ng COVID.

3

Humalik sa aspalto
Ang mga talampakan
Ng batang lumukso
Pababâ sa kariton,

Pagsalubong ng yantok
Ng mga tanod
Sa kanyang ama
—Sapul sa binti,
Paglabas sa bukana
Ng convenience store;

Nahulog ang kilik
Na mga karton.

Pinunit ng mga tanod
Sa pagkakayakap ng bata
Ang kanyang ama't
Kinaladkad sa multicab.

Kumarimot ang bata,
Isinalpok sa mga tanod
Ang kariton ng karton.

*Si **Mark Angeles** ay naging writer-in-residence sa International Writing Program ng University of Iowa, USA. Siya ay full-time instructor sa Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Edukasyon sa Unibersidad ng Santo Tomas. Kolumnista siya ng Pinoy Weekly, literary editor ng bulatlat.com, at features contributor ng GMA News Online.*